



Ang Brillante ng/sa Third World Cinema: Pakikipanayam Tungkol sa Kaniyang Ideolohiya sa Paglikha ng Pelikula

Christopher Bryan A. Concha^{1,*} at Ernesto V. Carandang II, DFA²

*Departamento ng Filipino
Pamantasang De La Salle, Maynila
christopher_concha@dlsu.edu.ph*

Abstract: Simula nang pasukin ni Brillante Mendoza ang mundo ng pagdidirehe noong 2005 sa kaniyang unang pelikulang Masahista na pinagtatampukan ni Coco Martin, iba't ibang lokal at internasyonal na film festival na ang kumilala sa kaniyang mga likha. Sa kabila nito, marami pa rin ang bumabatikos sa paraan ng paglikha ng pelikula ng direktor. May mga kritikong nagsasabi na ginagamit lamang niya ang kahirapan ng bansa upang makakuha ng parangal sa mga international film festival tulad ng Cannes Film Festival at Berlin International Film Festival. Sa ganitong diwa, layon ng papel na ito na masipat ang ideolohiya sa paglikha ng pelikula ni Mendoza sa pamamagitan ng personal na pakikipanayam sa filmmaker. Umikot ang panayam tungkol sa pananaw ng direktor sa kapangyarihan ng pelikula, adbokasiyang itinataguyod ng kaniyang sining, at ideolohiya sa likod ng kaniyang mga likhang obra. Mahahati ang papel sa dalawang seksyon: (1) pagtalakay sa ilang tala ukol kay Mendoza bilang manlilikha; at (2) paglalahad sa transkripsyon ng panayam sa direktor. Lumutang sa pag-aaral na nakaangkla ang kaniyang prinsipyo sa paglikha ng pelikula sa Found Story School of Filmmaking ng batiking scriptwriter na si Armando Lao. Pangunahing layunin niya bilang manlilikha na maipasilip sa mata ng kaniyang mga tagapanood ang mga isyung bumabalot sa ating lipunan.

Key Words: Brillante Mendoza; Third world cinema; filmmaking; Found Story School of Filmmaking

When Brillante Mendoza entered the film industry with his directorial debut, *Masahista* (2005), various international film festivals have recognized his works. However, his films received criticisms. Some critics have claimed that Mendoza was only using issues on poverty porn in the Philippines to gain awards from international film festivals such as the Cannes Film Festival and Berlin International Film Festival. In line with this, this paper aims to look over the ideology behind Mendoza's filmmaking through an actual interview with the said



filmmaker. The interview contains the director's perspective, his advocacy towards arts, and his ideals behind his craft. The paper is divided into the following sections: 1) discussion of related literature about Mendoza as a filmmaker; and (2) presentation of the transcript of the interview. The study found that his film principles are anchored with the Found Story School of Filmmaking of the master scriptwriter Armando Lao. His main objective as a filmmaker is to let the viewers see the issues in the society.

Key Words: Brillante Mendoza; Third world cinema; filmmaking; Found Story School of Filmmaking

1. PANIMULA

Si Brillante Ma. Mendoza ay ipinanganak noong July 30, 1960 sa San Fernando, Pampanga. Sa edad na 45, nailabas niya ang kaniyang kauna-unahang pelikula na *Masahista* (2005) na pinagtatampukan ni Coco Martin. Bagaman masasabing baguhan sa larangan ng pagdidirehe, mainit na tinanggap ng mga kritiko ang nabanggit na pelikula kung saan nakapag-uwi ito ng maraming karangalan kabilang na ang Golden Leopard Award sa 58th Locarno International Film Festival sa Switzerland. Hindi na nagpaawat ang nagsisimulang direktor at patuloy na dinomina ang mga lokal at internasyunal na film festival sa loob ng mahigit isang dekada.

Sa ganitong diwa, nais ng papel na ito na magkaroon ng pagsipat sa pananaw at paraan sa paglikha ng pelikula ng isa sa kinikilala at kontrobersiyal na manlilikha sa bansa na si Brillante Mendoza sa pamamagitan ng isang panayam. Isang panibagong ambag ang pananaliksik na ito sa mga papel-pagsusuri na tumatalakay sa ideolohiya (politika at sining) ng isang filmmaker mula sa third world cinema.

2. LAYUNIN

Naglalayon ang papel na masipat ang ideolohiya sa

paglikha ng pelikula ni Mendoza sa pamamagitan ng personal na pakikipanayam sa filmmaker. Umikot ang panayam tungkol sa pananaw ng direktor sa kapangyarihan ng pelikula, adbokasiyang itinataguyod ng kaniyang sining, at ideolohiya sa likod ng paglikha ng kaniyang mga obra.

3. BALANGKAS NG PAPEL

Mahahati ang papel sa dalawang seksyon. (1) pagtalakay sa ilang tala ukol kay Mendoza bilang manlilikha; at (2) paglalahad sa transkripsyon ng panayam sa direktor.

4. PAGLALAHAD NG DATOS

Ang Brillante sa Pelikulang Pilipino

Hindi naging madali para kay Mendoza ang pagpasok sa mundo ng pelikula. Sa libro ni Bibsy Carballo (2010) na *Filipino Directors Up Close: The Golden Ages of Philippine Cinema, 1950-2010*, ipinakita rito ang naging pagtatangka ng direktor na mag-produce ng pelikula. Taong 2006 nang ilabas niya ang *Twilight Dancers* (2006) kasama si Mel Chionglo bilang direktor at sa panulat ni Ricky Lee. Nabigo ang pelikula na makahatak ng mga tagapanood at hindi nagawang tumabo sa takilya. Katulad ng naunang pelikula, hindi rin pumatok ang ikalawang pelikulang prinodus ni Mendoza na *Siquijor: Mystic Island* (2007). Mula sa mga



Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

pagkalugi at pagkabigong naranasan niya, napagtanto niyang hindi kailanman maipagbibigkis ang independent film o indie film at mainstream. Hindi niya nakayanang makomprimiso ang kaniyang mga ideya sa kagustuhan at pamantayan ng mainstream film. Ito ang isa sa nagtulak kay Mendoza upang tumutok sa paglikha ng indie films at pumalaot sa pagpaksa ng mga sensitibong tema tulad ng kahirapan.

Bunsod nito, malimit na ihambing ang mga pelikula ni Mendoza sa estilo ng paglikha ng yumaong National Artist for Film na si Lino Brocka. Sa tesis ni Angelie Ross R. Llanillo na *Nuestro Perdido Eden: Ang Paghihintay sa Utopia sa mga Pelikula ni Lino Brocka*, isa ang paghahambing sa mga pelikula nina Mendoza at Brocka sa naging tampok sa kaniyang pag-aaral. Tinalakay niya rito ang pagtamasa sa tinatawag na Utopia sa pamamagitan ng mga likha ni Brocka partikular na ang 41 sa mga ito na naipalabas noong panahon ng Batas Militar. Sa isang bahagi ng kaniyang tesis, nabanggit niya ang uri ng pelikula ni Mendoza at kung paano ito maiuugnay sa mga likha ni Brocka. Sa pananaw ni Llanillo, halos may pagkakahawig ang tema ng mga pelikula nina Brocka at Mendoza. Ayon sa kaniya, parehong may pagtatangka ang dalawang direktor na maipakita ang realidad ng lipunan sa kanilang mga likha.

Sa naging panayam ni Carballo (2010) kay Mendoza, inihayag ng direktor ang pagiging politikal ni Brocka. Para sa kaniya, hindi lamang isang manlilikha ng pelikula si Brocka kung hindi isa ring aktibista. Sa kabilang banda, pinipili naman ni Mendoza na maging manlilikha lamang at hayaan ang kaniyang mga pelikula ang mangusap sa mga tagapanood. Bagama't may mga paghahambing sa kanilang pamamaraan, iginiit ni Mendoza na magkaiba sila ng katangian bilang direktor. Mas hayag si Brocka sa kaniya pagdating sa paglalahad ng ideolohiya o pananaw. Ito ang nakikita niyang malaking pagkakaiba nila ng yumaong direktor.

Kung sisipatin ang kasaysayan ng mga manlilikang Pilipino, si Mendoza lamang ang tanging direktor na nakapagwagi sa tatlong malalaking international film festival sa mundo - ang Berlin International Film Festival, Venice Film Festival, at Cannes Film Festival. Naiuwi ng kaniyang pelikulang *Tirador (Slingshot)* ang Caligari Film Award sa Berlin International Film Festival noong 2007. Samantala, nagawa namang maipuslit ng kaniyang pelikulang *Thy Womb (Sinapupunan)* na pinagtatampukan ni Superstar Nora Aunor ang La Navicella Venezia Cinema Award sa Venice Film Festival noong 2012. At taong 2009, itinanghal siya bilang kauna-unahang Pilipino na nagwagi ng Best Director sa Cannes para sa kaniyang obrang *Kinatay (The Execution of P)*.

Bunga ng mga tagumpay na ito, sinasabing isa si Mendoza sa nagpabago sa kalidad ng pelikulang Pilipino sa makabagong henerasyon dahil sa naiibang paraan niya ng pagpapakita ng realidad na nangyayari sa lipunan. Sa katunayan, sa libro nina Khavn De La Cruz, et. al. na *Philippine New Wave: This Is Not A Film Movement* (2010), isinama nila si Mendoza sa 17 direktor na nasa ilalim ng tinatawag niyang Philippine New Wave. Kahanay niya sa listahang ito ang iba pang mga manlilikha tulad nina National Artist for Film Kidlat Tahimik at award-winning director Lav Diaz. Itinuturing nina De La Cruz si Mendoza bilang isa sa nagbukas ng pinto para sa iba pang Pilipinong manlilikha na maipakita ang kanilang mga obra sa pandaigdigang entablado. Dahil sa kaniyang mga likha, umusbong ang interes ng mga dayuhan sa istorya o mga suliraning lumalaganap sa ating lipunan. Bukod pa, hindi lamang nagsisilbing representasyon ang kaniyang mga pelikula sa kasalukuyang problema na nangyayari sa ating lipunan. Nagsisilbi rin itong isang babala sa anomang maaaring kaharapin ng ating lipunan at bayan. Hinahayaan ni Mendoza na mangusap ang kaniyang mga pelikula sa mga tagapanood at personal na maramdaman ang problemang mayroon ang ating lipunan.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



Sa kabilang banda, ayon kay Gary Devilles (2008) sa kaniyang artikulong *The Pornography of Poverty in Serbis and Tribu*, maituturing na Poverty Porn ang mga pelikulang *Serbis* (2008) at *Tribu* (2007). Inihambing ni Devilles ang mga likhang ito nina Mendoza at Libiran sa pornograpiya sapagkat hangad lamang nilang mapukaw ang atensyon ng mga tagapanood at walang layuning pag-isipin sila.

Si Brillante at ang Kaniyang mga Pelikula

Ilalahad sa bahaging ito ang transkripsyon ng pakikipanayam kay Brillante Mendoza. Iikot ang diskusyon ukol sa paghahambing sa estilo ng paglikha ng pelikula nina Mendoza at Brocka, pananaw ng filmmaker pagdating sa pelikula, ideolohiya at estilo sa pagbuo ng obra, pagkakaiba sa iba pang manlilikha, target na tagapanood, adbokasiya at layunin sa paglikha. Ginanap ang panayam sa opisina ng Center Stage Production (pag-aari ni Mendoza) sa Mandaluyong.

Mananaliksik: Maraming pag-aaral at papel-pananaliksik na nagkaroon po ng paghahambing sa uri ng pelikulang nililikha ninyo at ng yumaong National Artist na si Lino Brocka, dahil sa parehong estilo ng pagtalakay sa mga sensitibong paksa tulad ng kahirapan. Mayroon po bang impluwensiya si Brocka sa inyong mga obra?

Brillante Mendoza: Si Lino Brocka kasi, of course, institusyon na ang mga iyan. Kumbaga, sila ang nakalakihan namin, sila ang pinapanood namin, sila iyong iniidolo namin. But at the same time, kailangan magkaroon ka ng sariling identity. Iba iyong sinusunod niyang [Brocka] aesthetics o estilo at iba rin naman iyong akin. Sa akin kasi, realistic ako. Pero si Brocka, melo-drama siya. Ang kaniyang mga karakter ay realistic, pero ang kaniyang treatment, melo-dramatic. Ang influence niya siguro sa akin ay iyong social issues. Pareho kami ng mga tinatalakay na kuwento in terms of social issues na relevant sa society.

Mananaliksik: Sa inyong pananaw, paano po ninyo maihahambing (pagkakatulad at pagkakaiba) ang inyong mga pelikula sa Sineng Brocka?

Brillante Mendoza: Hindi ko alam. Siguro dahil siya ay pro-poor, ako naman ay pro-truth regardless of whether you're poor. Kasi sa akin naman, hindi mo kailangang maging mayaman o maging mahirap. Ang importante sa akin ay ang katotohanan. Dapat mayroong katotohanan at honesty sa pelikula. Isa pa, basic, dapat may common sense. For me, iyong tatlong iyon ang aking gabay. Iyon ang aking mga prinsipyo sa paggawa ng pelikula. Mayroong common sense, truth at honesty.

Mananaliksik: Ano po para sa inyo ang mahalagang papel na ginagampanan ng isang direktor?

Brillante Mendoza: Ang pinakamahalaga is to put things together not only on the story but also about the production, about the people. I make sure na gumagalaw ang production and I make sure na walang mga delay at naso-solve ko ang mga problema kasi that's the reason why kung bakit ka tinawag na direktor at nandiyan ka. Hindi para maghintay ka lang at pagsilbihan ng staff mo.

Mananaliksik: Kung gayon, sinasabi po ninyo na bilang isang direktor, nararapat na maalam din po kayo sa iba pang aspekto katulad ng sinematograpiya, disenyong pamproduksyon, iskrip, atbp.?

Brillante Mendoza: Exactly! Ang tinuturo ko sa mga estudyante ko, kapag direktor ka, hindi lang directing ang alam mo. Kaya ka nga naging direktor kasi alam mo lahat ng gagawin except that you just direct. But again, it doesn't mean you do not know how to use the camera, you don't know how to edit, sound and music, or production design. Dapat alam mo lahat ng iyon. Kaya ka naging direktor kasi you know a bit of everything. When you put this thing together, then you become a director. In a way, parang ikaw ang captain of the



Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

ship. Kunwari captain of the ship ka at napabayaan mo ang makina, baka malunod kayo. Ang pinapakialaman mo lang ay iyong nasa taas, ano naman ang saysay noon kung ang makita mo ay hindi umaandar? Kailangang marunong ka rin doon, kailangang marunong ka ring gumawa ng makina siguro.

Mananaliksik: Ano po sa tingin ninyo ang katangian ng inyong mga pelikula na kaiba sa iba pang mga likha?

Brillante Mendoza: Siguro, sa akin, sinusunod ko iyong school of found story. Dito kasi may guidelines and philosophies siyang sinusunod. Iyon ang malaking kaibahan siguro. Kasi iyong iba sa mainstream, o sa ibang klase ng pagkukuwento o ibang klaseng pelikula, ang sinusunod nila ay iyong philosophies and guidelines ng Seek Films. Kasi tayo, ang basis natin good films is Hollywood. Pero iyong mga movies ko, anti-hollywood sila. Hindi sila glamour. Ano ba ang Hollywood? Glamour. Hindi sila good photography. When I say good photography, hindi siya hand-held, may ilaw, may glamour ang hitsura. Sa akin parang gritty, documentary-like. Sa storytelling, ang sa akin, realistic siya. Realist ako. Sometimes, ang akala ng mga tao, pessimist siya. Pero actually, realist lang ako kasi hindi ko binibigyan ng sagot ang mga karakter ko sa ending. Pinapabayaan ko sila. Base kasi ito sa buhay. Ang ating kapalaran sa future ay hindi certain. Hindi natin alam iyan. Ang character ko, iniwan ko siya hanggang saan lang matapos ang kuwento niya. Hindi ko kayang i-judge ang future niya kasi hindi certain iyon. Kapag na-solve ang problem niya sa isang araw, sa tatlong araw, halimbawa sa Ma'Rosa, natapos ang kaniyang problema, nailabas niya ang kaniyang asawa, tapos na iyong kuwento niya. Sa buhay niya, iyon lang ang gusto kong ikuwento. Wala na akong pakialam sa ibang buhay niya, sa ibang aspekto ng buhay niya. Iyon lang. Napagod siya, nagutom siya, umiyak siya. That's it. Pero nakita natin ang humanity, nakita natin ang pagkatao, nakita natin ang maraming bagay. Doon ko tinatapos ang pelikula. Hindi siya kailangang restorative. Sa

mainstream kasi, sa Hollywood, kailangan restorative. Palaging may resolution. Kailangan kapag masama ka, bubuti ka sa dulo. O kung may ginawa ka, kailangang pagbayaran mo. Kung masama ka at marami kang pinatay, kailangang mamatay ka. So, that's their way of storytelling. It's basically entertainment. What they want is to entertain. They don't want people to think. Ayaw nilang mag-isip ang mga tao. Ayaw nilang magkaroon ng point-of-view. Ayaw nilang magkaroon ng perspective about the story. Spoon-fed ang ginagawa nila. Kunwari ito ang kuwento, ito ang resolution.

Mananaliksik: Nabanggit po ninyo na nakaangkla ang inyong ideolohiya at/o prinsipyo sa paglikha ng pelikula sa Found Story. Ano po ito?

Brillante Mendoza: Ang *Found Story School of Writing* ay nilikha ni Armando Lao, ang aking mentor. Siya ang bumuo nito. Pero sa totohanan lamang, matagal na natin itong ginagawa. Nilagyan lamang niya ito ng label at igrinupo kung papaano upang hindi siya magmukhang tsamba. Kapag may label na siya, at least malalaman mo na ang tawag sa mga ganitong klaseng aesthetics. Sa *Found Story School of Thought* ng filmmaking, una, dapat *referential*. Ibig sabihin, dapat base siya sa kuwento ng isang tao. Kumbaga, galing ito sa eksperyensya o kuwento ng isang totoong tao. Hindi siya imagined story. Kasi sa *Hollywood*, parang kuwento nila ay mayroon lamang *attack, peak, decay*. Mayroon kang introduction to the character, mayroon kang conflict, at mayroon kang resolution. Samantala, dito naman sa *Found, referential* siya, kasi base ito sa totoong buhay. Sa totoong buhay, hindi lahat may resolution. Hindi lahat positive. Hindi lahat maganda. At hindi lahat ay kailangang magsimula sa introduction of the character, magkakaroon ng conflict, o magkakaroon ng resolution. Pwede siyang mag-umpisa sa decay part ng character. Ibig sabihin, sa decay part ng character, ikukuwento mo lang ang aftermath ng tragedy, iyong nangyari sa buhay karakter. For instance, sa ginawa ko sa isang kong film na *Taklub*. Hindi ko pinakita ang trahedyang



Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

ipinakita ko ang aftermath. Kuwinento ko ang nangyari sa buhay ng mga taong ito, how they moved on sa nangyaring tragedy. Kasi para sa akin, mas interested ako roon kasi mas nakikita rito ang resiliency ng mga Pilipino. Kuwento ito ng mga Pilipino. How we moved on from one tragedy after the other and our way of coping in life with our problems.

Pangalawa, dapat *naturalized* siya. Kailangan, natural siya at hindi glamour. Kumbaga, parang isang documentary, parang nanonood ka ng isang tunay na tao sa paligid mo na hindi sila idiniderehe, o wala silang script. Walang choreography na nangyayari at natural ang kanilang acting at iyong karakter nila. Ikatlo, kailangan ay *socialized*. Hindi siya personal na pagkukuwento lamang ng isang tao kung hindi mayroong interaction ang character sa kaniyang community. Halimbawa ang kuwento mo ay tungkol sa isang nanay na nagbebenta ng droga, o nanay na korapito. Hindi lang ito kuwento ng nanay na nagbebenta ng droga o korapito, kuwento rin ito ng community. Bakit siya nagbebenta ng droga? Anong klaseng pagkatao mayroon siya? Anong klaseng komunidad mayroon siya? Kung kaya, kuwento ito ng isang buong komunidad. Hindi lamang ito nakapokus sa pagkatao ng pangunahing karakter at sa pagiging small-time drug dealer niya. *Socialized* siya kasi may interaction siya sa kaniyang community. Papaano ba siya nag-e-exist? Paano ba siya nabubuhay? Bakit ganito ang klase ng buhay niya?

Lastly, dapat *predicated*. Ibig sabihin, mayroon kang commentary. Mayroon kang take kung bakit ito ang kuwinento mo at ano ang gusto mong sabihin? Bakit ito ang karakter na pinili mo? Ano ang take mo bilang filmmaker? Ano ang issue mo? Hindi lamang dapat ito tungkol sa problema sa droga. Tungkol ito sa pamilya. Sa isang *dysfunctional family*. Kuwento ng isang ordinaryong pamilyang Pilipino na no matter how bad you are, you are still a parent. Makikita mo kung ano ang tama at ano ba ang mali. Tama bang maging mabuting magulang at masamang

mamamayan? O masama kang magulang pero mabuti kang mamamayan? So there is always this conflict. Nag-iisp ka kung ano ba ang tama o ano ba ang mali. And I think if you have this kind of thinking or discourse, hindi ka na spoon-fed. Hindi ang filmmaker ang dapat magsabi sayo na ito ang tama o ito ang mali. Ikaw mismo bilang manonood ang makaisip at magtanong sa iyong sarili kung ano ba ang tama at ano ba ang mali. And when you have this kind of questions sa sarili mo, nagkakaroon ka na ng critical thinking. Nakakapag-isip ka na bilang tao at hindi ka na nagja-judge.

Mananaliksik: Ito po ba ang rason kung kaya maiikli lamang po ang time setting ng karamihan sa inyong mga pelikula tulad ng Kinatay ng halos dalawang araw lamang tumagal ang kuwento ukol sa istorya ng karakter na criminology student ni Coco Martin?

Brillante Mendoza: Parang timeframe? Parang real time? Kasi sa bracketing ng kuwento, ibig sabihin iyong pagpipili ng kuwento, ang isang karakter kasi halimbawa, kuwinento ko itong isang karakter na kunwari 40 years old siya, or 50 years old siya. Hindi mo na ikukuwento ang buhay niya for 40 years. Depende na ito sa iyong narrative framework. Ibig sabihin, depende iyon sa narrative voice mo. Ano ba ang gusto mong ikuwento? Ano ba ang gusto mong sabihin? Tungkol ba ito sa pagpuputa? Tungkol ba ito sa korapsyon? Ano ba ang gusto mong ikuwento sa buhay ng isang taong ito na nagkaroon ka ng interes? Halimbawa, ang narrative voice mo ay gusto mong magkuwento tungkol sa isang korapsyon. Hindi naman siya korap the whole life time niya. Corrupt siya siguro at one time of his/her life. Pero siyempre, hindi lang naman tungkol sa pagiging korap niya ang ikukuwento mo. So ang topic idea mo is corruption. Pero nagkaroon lang ng corruption dito sa panahon ng buhay niya. So iyon lang ang pipiliin ko. Pero pwede mo namang i-historicize. Meaning, pwede ko namang bigyan ng idea ang audience sa naging buhay ng karakter na ito noon at sa magiging buhay niya after ng period ng pagiging korap niya.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



Halimbawa, ang kinuha kong timeframe niya na tinatawag nating bracketing is when she was like 30 or 35 years old, during this time of his/her lifetime, na nangyari sa araw na ito, o nangyari sa isang linggong araw na ito, so iyon lang ikukwento ko. Kaya naman though mahirap lamang, na maipakita sa isang araw o dalawang araw ang buhay ng isang karakter kung saan na-challenge siya kaugnay sa mensaheng gusto mong sabihin o temang gusto mong pangibabawin. Hindi mo kailangan ng buong timeline niya. Maikukuwento mo pa rin naman, challenging nga lang siya sa pagsusulat, sa pagkukuwento. Kasi ang dami mong dapat i-consider. Kailangang mabuo mo ang kaniyang karakter, mabuo mo ang kaniyang pagkatao. Dapat makilala mo siya in two or three days.

Mananaliksik: Bakit naman po karamihan sa inyong mga pelikula ay pare-pareho po ang mga itinatatampok na artista? Halimbawa si Coco Martin lumabas sa Masahista, Serbis, Tirador, at Kinatay?

Brillante Mendoza: Well, in terms of actors, it's not about I will get you kasi ganito. It is more of collaboration but at the same time, it is more of their attitude towards work. Kaya karamihan sa mga artista ko ay nagiging kaibigan ko kasi they have the right attitude towards their work. Ibig sabihin, hindi nila ito tinitingnan bilang raket o pagkakakitaan. Mayroon silang deeper purpose on why they act. Why they want to be on this film? Hindi lang basta kumita, hindi lamang iyong glamour side but they have the right attitude. Gumagawa ako ng pelikula kasi naniniwala ako sa craft, naniniwala ako sa pelikula. And it is kinda difficult to find artists or people who can easily trust or who they can trust their director or their filmmaker. Siyempre, in a short span of time, hindi mo makukuha ang trust ng tao. You have to develop it. So that is why, I keep on using the same actors, the same artists. Kasi alam na nila ang takbo ng utak ko.

Mananaliksik: Batay po sa ilang artikulo na aking nabasa, may mga pagkakataon na hindi niyo raw

po ibinibigay sa inyong mga artista ang kopya ng iskrrip, halimbawa sa kaso ni Baron Geisler sa Ma'Rosa. Ano po ang rason sa likod nito?

Brillante Mendoza: Actually, malayang-malaya sila sa lahat ng ginagawa ko. Hindi ko sila ikinukulong. Kasi ang script, kinukulong sila. Kapag binigyan mo sila ng script, kailangang sabihin nila kung ano ang nakasulat sa script. Ang nakasulat sa script ay gawa lamang ng isang tao, ng isang scriptwriter, o gawa ko. Binubuhay mo ang character sa imahinasyon mo. Pero kapag binigay mo halimbawa sa artista ang karakter niya, at hindi mo kailangang sabihin sa kaniya ang kuwento ng pelikula kasi you're not talking about your story, your future or your past. We are talking about you as a character. Ano ka ba, magnanakaw ka ba? Pari ka ba? Prostitute ka ba? Anong klase kang tao? So iyon ang pag-uusapan. Anong klaseng ina ka? Anong klaseng anak ka? Corrupt ka ba? So iyon ang pag-uusapan. Anong take mo sa ganitong klaseng tao? Iyon ang pinag-uusapan namin. Hindi iyong kung ano ang gagawin nila. Kung sila ba ay aarte, iiyak o tatawa. Dito pumapasok ang truthfulness, honesty at common sense. Siyempre kung pari ka, gagawin mo kung ano ang nararapat at hinihingi ng karakter mo. Ganoon ang susundan ng karakter. Hindi mo kailangan ng linya. Mas tama ang ibibigay mong lines kung kilala mong mabuti ang karakter. Ang script ay Bible ko lamang. Pero hindi ibig sabihin na hindi namin binibigay ang script, ibig sabihin ay walang script. Mayroon kami sapagkat ito ay structure ng film at bibliya sa paggawa ng pelikula. Ito ang pinakauna at importanteng proseso sa paggawa ng pelikula, the research and the script development. This is where the research and gathering of facts and information comes in. After that, it's already the production where acting is involved. This where you do the production, the workshop, casting, production design, logistics and all. And the third most important process is the editing. Sa editing kasi, this is another avenue in storytelling. Kapag gumawa ka ng pelikula, interpretation mo iyan ng script. Kapag nag-edit, ito na ang iyong material.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019



It's not about the script but it's about the material that you have in which you can be able to put the story together.

Mananaliksik: Ano pong layunin ninyo sa pagpapakita ng mga isyung panlipunan katulad ng problema sa droga, prostitusyon, patayan at iba pa?

Brillante Mendoza: Kasi sa akin, ang paggawa ng pelikula ay reflection ng buhay. Kasi nga, tungkol sa buhay ang mga kuwento ko. Kapag mayroong mga social issues, iyan ang mas importante sa akin kasi ito iyong nakikita at nararamdaman mo. And you cannot take this away. This will always be part of our lives no matter what. Kahit narito tayo sa loob ng air condition room, mainit at marami pa ring tao sa labas, maaaring may mga batang nagtatatakbo ryan. But why will I tell a story about this air-conditioned room wherein it's just the two of us talking to each other. Wala tayo sa mundo. Ang mundo, nasa labas iyan. Kung ano ang totoong nangyayari sa ating kapaligiran, iyon ang ikukuwento ko. Mas maraming maaapektuhan doon. Higit sa lahat, through these films, maaaring may magbago kasi we took the risk. Kaysa naman nagkukuwento tayo rito, tayong dalawa lang, ano ang magiging contribution natin sa larangan ng pelikula? When a film becomes too personal, you have nothing to share kung hindi ang iyong personal story. If you go outside this room if you make a film outside this room, it becomes social at panlipunan. Ibig sabihin, mayroon kang mas maibabahagi kaysa narito lang tayong dalawa sa kwarto.

Mananaliksik: Sa inyong pananaw, sa paanong paraan po naiimpluwensiyahan ng inyong mga pelikula ang inyong mga tagapanood maging ang mga kapwa alagad ng sining?

Brillante Mendoza: Siguro, iyong nakakagawa ako ng discourse. Pinakaimportanteng impluwensiya ko siguro ay iyong nakakapag-isip sila at nagkakaroon sila ng critical thinking. Kapag nagkaroon sila ng critical thinking, then na-achieve ko ang purpose ko. Nakamtan ko ang mga gusto

kong mangyari kasi nakapag-iisip sila. I want my audience to think because that's the only thing I can contribute. Mas madaling magpatawa o mag-entertain. Halimbawa, kumuha ka ng dalawang artistang maganda at binihisan mo sila at pagsalitain mo sila ng mga hindi naman totoo. Naiisip at nagkakaroon ng pantasya ang mga manonood na sila iyong dalawang artista na pinanonood nila. Iyon ang entertainment. Nagkakaroon sila ng fantasy. Kumbaga, binibigyan mo sila ng false world at false hope. May mga ganoong klaseng film and if that is their objective, there is nothing wrong with that. Pero para sa akin kasi, hindi ganoon ang mundo ng cinema. Sabi nga nila, the truth hurts. Hindi man masyadong maganda ang nakikita mo, nararamdaman mo so nakakapag-isip ka.

Mananaliksik: Bukod po sa pagpapamulat ng kritikal na pag-iisip ng inyong mga tagapanood, ano pa po ang layon ng inyong mga obra?

Brillante Mendoza: Of course. At the end of the day, we want change. Kaya nga natin kinukuwento ang mga isyung ito ng ating lipunan kasi ultimately, we want change. Iyon ang gusto nating mangyari. But we are only instrument for change. Ginagamit lang natin ang ating craft to achieve change. But we are not assured that we will going to obtain that. Mahirap kasing sabihin iyon. Pero, it is better than doing nothing at all. Bakit ka pa nandidito? Bakit pa ako naging filmmaker? Bakit pa ako naging ganitong klaseng storyteller kung hindi ko siya gagamitin. Kung ang mangyayari lamang sa akin ay magiging direktor ako ng mga *entertaining films*. Lahat naman iyon na ang ginagawa. Bakit pa ako makikipagsiksikan pa roon.

Mananaliksik: May personal po ba kayong adbokasiya na isinusulong sa pamamagitan ng inyong mga likha?

Brillante Mendoza: Ang pinaka-advocacy ko sa paggawa ng pelikula ay magkaroon talaga ng pag-intindi at ma-experience ng audience ko ang films



Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

ko. Mayroon nga akong foundation na *Why Film?* Bakit pelikula? Kasi ang film unlike any other form of art, mas malalim. Hindi lamang siya napapanood o naririnig. Nag-e-voke siya ng emosyon instantly. This form of art can do that. It can create something from us na hindi gaya ng ibang form of art. Sa akin kasi, kapag nakapag-create ng ganoon ang cinema sa pagkatao mo, sa puso mo, nagkakaroon ka ng malalim na pag-iisip sa iyong pagkatao. Hindi mo kailangang maging edukado, hindi mo kailangang maging mayaman, maging mahirap para maramdaman ito. Kailangan mo lang maging tao. Kapag naging tao ka at naramdaman mo ito, makapag-isip ka ng maayos dahil nabibigyan mo ng integridad at respeto ang sarili mo. Kapag binigyan mo ng respeto at dignidad ang pagkatao mo, ang gagawin mo siguro ay kung ano ang makatao. Iyon ang paniniwala ko sa paggawa ng pelikula at kung bakit ganitong klaseng pelikula ang ginagawa ko.

Mananaliksik: Sino po ang target audience ninyo?

Brillante Mendoza: Of course the thinking audience. Kahit pa sabihin mong ang cinema for me, you don't have to think of particular audience when you make film. You make film because it is the expression of yourself. Yes, I know it is the expression of myself. But it's not just about myself. Otherwise, sana nag-masturbate ka na lang. Hindi lang iyong tungkol doon. Ultimately, we want to touch lives. Hindi lang sila basta na-e-entertain pero kahit paano may mabuting nangyayari sa buhay nila. Iyon ang goal ko, ang makapag-create ng audience for this kind of film. Iyon nga ang thinking audience. Kasi sila, may magagawa sila. Hindi iyong characters ko ang audience. Unfortunately, they can do nothing to change the lives of so many people. But the thinking audience can do that. They can do something because they are the thinking audience. Sila ang may kayang gawin at may kayang gawing pagbabago. Ang mahirap ba kaya niyang baguhin ang buhay niya kung habambuhay siyang mahirap?

Pero halimbawa kung nag-iisip ka at nakita mo na ganito ang sitwasyon mo bilang edukado at may pinag-aralan na may mas mataas na pag-iisip kaysa sa mga hindi edukadong tao, baka may pwede kang gawin para mawala ito o totally ma-eradicate ito. Kasi nga ikaw ay nag-iisip. Naantig ka ng aking pelikula tungkol sa mga subject, tungkol sa mga mahihirap. And I think the ultimate dream of every filmmaker ay kapag pumasok ka sa sinehan, isang libo ang nanonood kaysa dalawa o tatlo lang. But reality says that you cannot have it all. Hindi pwedeng award-winning ka na, blockbuster ka pa. You have the right motivation and be realistic. Dapat alam mo kung ano ang direksyon mo. Otherwise, you ended up compromising. Kasi kung hindi, baka lamunin ka ng thinking mo na bakit ikaw lang ang nanonood ng pelikula mo. Isipin mo na para dumami ang audience mo, kailangan siguro hindi na shaky ang camera ko kasi nahihilo sila. Siguro kailangan sikat na artista din ang gamitin ko, sina Angel Locsin at Piolo Pascual. Hindi ko na gagamitin si Mercedes Cabral at si ganito dahil hindi sila mukhang glamour. Masyadong pangit ang damit ni Angel Locsin. Ang maganda, dapat kita ang cleavage. Si Piolo Pascual, dapat kita ang muscle para ma-attract ang mga tao sa kanila. Kasi, artista ang tinitingnan nila, at iyon ang binebenta mo. At dapat ang tema ng istorya hindi ganong mahirap intindihin otherwise dapat may kissing scene sila, dapat kiligin ang mga tao. These little things added together, you ended up compromising the whole film. At the end of the day, it's no longer the film you are doing. It's the film that is intended for your target market. You just want them to watch your film. So, ano ang nagawa mo? Ano ang nangyari sa ginawa mo? You just become one of them. Hindi sa ayokong maging isa sa kanila but because I have a deeper purpose. More than anything else, iyon ang mas mahalaga sa akin.

Mananaliksik: Sa kabuuan, ano po ang layunin ninyo sa paglikha ng pelikula?

Brillante Mendoza: Kaya tayo nagkaroon ng pelikula is to entertain. That is what cinema is



about – to entertain. Kaya nga may pelikula para ma-entertain ang mga sundalo sa giyera, para makalimutan nila ang hirap at tumawa. Pero through the years, na-realize natin na ang cinema dahil wala naman na masyadong giyera ngayon, hindi lang pala siya pang-entertainment. Ang cinema pala ay maraming pwedeng gawin. Puwede siyang magparanas, puwede kang mag-experiment ng visuals, ng audio. Puwede kang matuto, puwede kang mag-aral. Ito pala ang kayang gawin ng cinema. Nandidito tayo sa aspektong ito. Pero ako kasi, hindi ako gumagawa ng pelikula para lang makapagbigay ng aliw. How I wish naaaliw sila sa pelikula ko na at the same time, natututo sila. And because of this situation, hindi ko ini-expect na marami ang tatangkilik sa pelikula ko. Kasi hindi naman lahat gustong matuto. Hindi naman lahat gustong makita ang katotohanan. Sabi ko nga, masakit ang katotohanan. Pangit ang katotohanan. Ikaw ba gusto mong humarap sa salamin, makita mo ang katotohanan at pangit ang nakikita mo? Hindi. Pero, I challenge it and kinukuha ko ang risk. Sabi ko nga, hindi siya madali. It is a hard journey. And it is the journey that filmmakers like me is taking. Kakaunti lamang kaming pumupunta sa journey na ito.

5. KONGKLUSYON

Lumabas sa pag-aaral na nakaangkla ang kaniyang prinsipyo sa paglikha ng pelikula sa Found Story School of Filmmaking ng batiking scriptwriter na si Armando Lao. Nakatindig ang prinsipyong ito sa apat na pangunahing salik sa pagbuo ng isang kuwento: *referential, naturalized, socialized, at predicated*. Pangunahing layunin

niya bilang manlilikha na maipasilip sa mata ng kaniyang mga tagapanood ang mga isyung bumabalot sa ating lipunan. Sa ganitong paraan, hangad niyang makalikha ng diskurso sa kaniyang mga tagapanood at kalaunan ay mapakilos sa mga usaping kaniyang pinapaksa. Sa ganitong diwa, inihayag niya na ang kaniyang target na tagapanood ay ang *thinking class* sapagkat naniniwala siya na sila ang may kakayahang kumilos sa mga isyu at suliraning inilalatag ng kaniyang pelikula. Bukod pa, bagama't nananatili pa ring limitado ang tagapanood ng kaniyang mga pelikula sa bansa (bunsod ng limitadong distribusyon at naiibang tema sa nakagisnang mainstream films), nais pa rin niyang gumawa ng mga pelikulang humahamon sa isipan ng mga tao.

6. SANGGUNIAN

- De La Cruz, K, Dayao, D.& Alagbate, M. (2010). *Philippine New Wave: This Is Not A Film Movement*. Lungsod Quezon: Movefest International Digital Film Festival.
- Deville, G. (2011). *The Pornography of Poverty in Serbis and Tribu*. FEU English and Literature Journal, 5(1).
- Carballo, B. (2010). *Filipino Directors Up Close: The Golden Ages of Philippine Cinema 1950-2010*. Pasig City: Anvil Publishing.
- Llanillo, A. R. (2008). *Nuestro Perdido Eden: Ang paghihintay sa utopia sa mga pelikula ni Lino Brocka*. Thesis. De La Salle University.